Seedtime & Harvest

# Ang Kamangha-manghang Himala ng Probisyon ng Diyos ay nasa Binhi

WEEK 3

## WARM-UP

- Kapag may mga mahalaga kang desisyon sa buhay, kanino ka humihingi ng payo?
- Ano ang isang paksang pinag-aaralan mo dahil interesado ka lang na magbasa tungkol dito? Ano ang mga nakakatuwang impormasyong nalaman mo tungkol dito?
- Ano ang isang payo na tila wala sa katwiran, pero sinunod mo, at napatunayan mong isa palang mabuting desisyon? Bahagyang ikwento kung ano ang nangyari.

## WORD

[1]*Dumating ang taggutom sa lugar na tinitirhan ni Isaac,*
*bukod pa ito sa taggutom na nangyari noong panahon ni*
*Abraham. Kaya pumunta si Isaac kay Abimelec na hari ng*
*mga Filisteo sa Gerar.* [2]*Nagpakita sa kanya ang Panginoon*
*at sinabi, "Huwag kang pupunta sa Egipto, manatili ka sa*
*lugar na ituturo ko sa iyo.* [3]*Dito ka lang muna manirahan*
*dahil sasamahan kita at pagpapalain. Ibibigay ko sa iyo at*
*sa mga lahi mo ang lahat ng lupaing ito. Tutuparin ko ang*
*ipinangako ko sa iyong amang si Abraham."* **GENESIS 26:1–3**

(Basahin din ang **GENESIS 26:4–6, 12–14.**)

Makikita natin sa talatang ito na kinakaharap ni Isaac ang isang mahirap na sitwasyon—ang *famine* o taggutom sa kanilang lupain. Ang sinumang nasa ganitong sitwasyon ay magtatangkang humanap ng solusyon. Ganito ang ginawa ni Isaac. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano tinugunan ni Isaac ang sitwasyong ito gamit ang dalawang paraan. Nawa'y makatulong sa atin ang tugon ni Isaac upang lumago ang ating pamumuhay kapiling ang Diyos.

## 1 Hangarin ang salita ng Diyos.

*[2]Nagpakita sa kanya ang PANGINOON at sinabi, "Huwag kang pupunta sa Egipto, manatili ka sa lugar na ituturo ko sa iyo. [3]Dito ka lang muna manirahan dahil sasamahan kita at pagpapalain. Ibibigay ko sa iyo at sa mga lahi mo ang lahat ng lupaing ito. Tutuparin ko ang ipinangako ko sa iyong amang si Abraham. [4]Pararamihin ko ang mga lahi mo na kasindami ng mga bituin sa langit, at ibibigay ko sa kanila ang lahat ng lupaing ito. At sa pamamagitan nila, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo. [5]Gagawin ko ito dahil sumunod si Abraham sa akin, tinupad niya ang lahat ng aking kautusan at katuruan."* **GENESIS 26:2–5**

Nakita ni Isaac ang debosyon ni Abraham, ang kanyang Ama, sa Diyos. Naranasan niya kung gaano kalinaw mangusap ang Diyos sa kanyang ama. Sa kinakaharap niyang sitwasyon na maaaring bumago sa kanyang buhay, malamang ay humingi ng payo o gabay si Isaac. Naalala niya na noong pinagdaanan din ni Abraham ang taggutom, pumunta siya sa Egipto upang mapangalagaan ang lahat ng kanyang ari-arian. Tila ito rin ang gustong gawin ni Isaac. Bagama't gumawa si Isaac ng sarili niyang plano, nanatili ang paghahangad niya na marinig ang Diyos. Naging sensitibo siya sa pamumuno ng Diyos. At nangusap nga ang Diyos sa kanya. Hindi lamang Niya sinabi kay Isaac kung ano ang dapat nitong gawin. Tiniyak din Niya na ang pangakong ibinigay Niya kay Abraham ay maipapasa sa kanya. Binigyan ng Diyos si Isaac ng katiyakan na kapiling niya ang presensya ng Diyos. Magkwento tungkol sa isang panahon na kinailangan mo ang gabay ng Diyos. Ano ang ginawa mo at paano nangusap sa iyo ang Diyos?

## 2 Sundin ang salita ng Diyos.

*[6]Kaya roon nanirahan si Isaac sa Gerar. . . . [12]Nang taon ding iyon nagtanim si Isaac sa lugar na iyon at masaganang-masagana ang kanyang ani . . .* **GENESIS 26:6, 12**

Ginawa ni Isaac kung ano ang inutos ng Diyos na gawin niya. Sa ating mga natural na isipan, ang pananatili sa isang lugar na may pinagdaraanang taggutom ay hindi isang magandang desisyon. Pero ito mismo ang ginawa ni Isaac. *Nanirahan si Isaac sa Gerar*, gaya ng sinabi sa kanya ng Diyos. Nagtanim siya sa lugar na ito, na nagpakita ng ganap niyang pagtitiwala sa Diyos. Bilang tugon, pinagpala ng Diyos ang pagsunod ni Isaac at kahit panahon pa ng taggutom, naging *masaganang-masagana ang kanyang ani*. Minsan, ang ipinapagawa sa atin ng Diyos ay tila wala sa katwiran. Ngunit gaya ni Isaac, makakaasa tayong gagawa ang Diyos ng mga mahimalang bagay. Kapag susundin natin ang Kanyang salita, gagantimpalaan Niya ang ating pagsunod.

Ipinangako ng Diyos na kung hahangarin natin Siya nang buong puso, makikita natin Siya (Jeremias 29:13). Ang salita Niya ay tila binhi na itinatanim sa ating mga puso. Ang binhi na ito ay lalago at mamumunga, at mararanasan natin ang pag-ani ng Kanyang salita. Kapag hinahangad natin ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita at sinusunod natin Siya, mararanasan natin ang katotohanan Niya sa ating mga buhay.

## APPLICATION

- Paano ka tumutugon sa mga utos ng Diyos na mahirap sundin? Hilingin sa Kanya na ipakita sa iyo kung paano mo magagawang mas magtitiwala sa Kanya at ipanalanging susundin mo Siya nang buong puso.
- Ang salita ba ng Diyos ang pinagkukunan mo ng karangalan? Ano ang handa kang gawin para mas gustuhin mong magbasa ng Kanyang salita ngayong linggo? (halimbawa: maglalaan ng oras sa pagdarasal, pag-aaral, at pagpapahayag ng salita ng Diyos)
- Naniniwala ka bang sa tuwing pinagpapala ng Diyos ang pagsunod natin sa Kanya, hindi lamang tayo ang naaapektuhan, kundi maging ang mga tao sa paligid natin? Paano makakagawa ang pagsunod mo sa Diyos ng plataporma para makapagbahagi ka tungkol sa kabutihan Niya sa buhay mo at maakay ang mga tao tungo sa Kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa paggabay Niya na naglagay sa iyo sa lugar kung saan ka maaaring maging mabunga. Hingin sa Diyos na gawin kang mas sensitibo sa pamumuno ng Kanyang Espiritu.
- Ipanalangin na ang buhay mo ay kakitaan ng pagsunod sa Kanyang salita. Hingin sa Diyos na punuin Niya ang puso mo ng pananalig na Siya ay Diyos na gumagawa ng mga himala, at gantimpalaan Niya ng Kanyang biyaya ang pagsunod mo.
- Ngayong linggo, ipanalanging akayin ka ng Diyos tungo sa isang taong hindi pa nakakakilala sa Kanya. Hingin sa Diyos na ihanda ka Niya na kausapin ang taong ito tungkol sa kung sino Siya, at kung ano ang ginawa Niya, at kung paano Siya patuloy na nagbibigay ng probisyon para sa iyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Romeo Mercado, Mona Pondales

victory.org.ph